**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig**
**Community Development Block Grant (CDBG)**
**Pagsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig upang Isaalang-alang ang Malaking Amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 at upang Suriin ang mga Aplikasyon na Natanggap para sa Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026 at Pagsasapanahon sa Pagbuo ng Pinag-isang Plano ng 2025-2030**

## Pampublikong Pagdinig

**ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO** na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa regular na pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Chamber ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Pebrero 4, 2025,** simula sa o kaagad pagkaraan ng 7:00 p.m. ( binago mula sa dating iskedyul na Enero 21, 2025). Ang layunin ng pampublikong pagdinig ay talakayin ang malaking amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 at upang suriin ang mga aplikasyon na natanggap para sa Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026 at pagsasapanahon sa pagbuo ng Pinag-isang Plano ng 2025-2030 Ang layunin ng pampublikong pagdinig ay magkaloob ng oportunidad para sa mga komento ng publiko tungkol sa iminumungkahing mga amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 at upang humingi ng mga rekomendasyon para sa pagpopondo sa mga aktibidad ng programa ng CDBG sa 2025-2026.

Ang BURADOR na mga amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 ay makukuha para sa pagsusuri nang personal sa front desk ng City Hall at online o pagsusuri ng publiko sa:
https://www.milpitas.gov/475/Community-Development-Block-Grant-CDBG

**Ang binagong panahon ng pagsusuri ng publiko at panahon ng mga komento ay mula Disyembre 6, 2024- Pebrero 3, 2025.**

**ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING** magbigay ng mga komento ng publiko nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na nakalagay sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o pagsumite ng nakasulat na mga komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa cityclerk@milpitas.gov. Ipinagbibigay-alam na ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipapamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong may kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng mga espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Enero 17, 2025